# Si Ingkay at Kikay Katerpilar



Kuwento ni: Judy Ann B. Santiago

Guhit ni: Gregg Martin S. Dominia

***<u>Si Ingkay at Kikay Katerpilar</u>***

*Maikling kuwento sa Ikalawag Baitang*

***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

**F2WG-Ic-e-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, pangyayari at mga bagay

**EsP2PPPIIIg-h– 12** Nakatutukoy ng iba't ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan hal.- pagtatanim ng mga halaman sa paligid





**Treasury of Storybooks**

This storybook is product of the National Competition on Story Book Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work  of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, address, and dissertations, pronounced, read or  rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

*Judy Ann B. Santiago, Si Ingkay at Kikay Katerpilar, DepEd-BLR, 2019*

DEVELOPMENT TEAM

Kwento ni: Judy Ann B. Santiago

Guhit ni:  Gregg Martin S. Dominia

Learning Resource Manager:   Marivel G. Morales

Rizalino G. Caronan

Santiago City

Region 02

# Si Ingkay at Kikay Katerpilar



Sa paglabas ni Amang araw, ang kapaligiran ay hitik  na hitik sa kagandahan. Ang mga bulaklak ay masayang nagsasayawan, ang mga puno ay galak na galak na nagkukuwentuhan. Sabay sa pagtilaok ng mga manok, si Ingkay ay masayang bumangon sa kanyang kama, inayos niya ito at dumungaw sa bintana sabay bati ng, “Magandang buhay aking mga pananim! Ang panahon ay napakaganda, singganda ng bawat isa sa inyo!”



Si Ingkay ay isang masayahin at matalinong bata. Siya ay mahilig magtanim at mag-alaga ng mga halamang namumulaklak. "Magandang umaga inay! Halika na't tignan natin kung tuluyan nang bumuka ang bulaklak ng ating mga alagang daisies at mga gumamela!" sabik na sabik na wika ni Ingkay. "Magandang umaga rin anak! O siya, halika na at ating tignan ang ating mga pananim" masayang tugon ni Aling Nelia.

"WOW! Napakaganda naman ng ating mga gumamela inay!" masiglang wika ni Ingkay. "Oo nga anak! Ikaw ay may mga malalamig na kamay sa paghahalaman" ani ni Aling Nelia. "Malamig na kamay? Ano ibig sabihin nun inay?" tanong ni Ingkay. "Ibig sabihin anak ay magaling kang magtanim" sagot ni Aling Nelia. "O siya, halika na at atin namang tignan ang ating mga alagang daisies" dagdag ni Aling Nelia.





“Inay! Anong nangyari?” ani Ingkay. “Halla anak, inuod ang ating mga pananim na daisies!” malungkot na sagot ni Aling Nelia. “Sayang naman, nasira na ang ating mga daisies dahil sa mga uod. ‘Di bale inay, babantayan ko ang ating mga pananim para hindi nila ito masira!” wika ni Ingkay.

Matapos kumain ay nagkusang maghugas ng pinggan si Ingkay. Dahil siya ay likas na masipag, tinulungan niya rin ang kanyang ina na maglinis ng kanilang tahanan. "Napakaswerte ko naman sa iyo anak sapagkat napakasipag, at napakabait mong anak" wika ni Aling Nelia sabay yakap sa kanyang anak.





Kinabukasan, kidlat sa bilis na lumabas si Ingkay. "Aha! Uod! Ikaw ang sumira sa aking mga pananim! Halika't Tttirisin kita!" may inis na wika ni Ingkay. "Teka teka, hindi ako uod! At hindi ako ang kumain sa iyong mga pananim!" sambit ng nilalang. "Wow! Nakapagsasalita ka?" nakamamanghang tanong ni Ingkay. "Ako si Kikay, isang katerpilar. Hindi ako uod, ako ay isang insekto. Nais mo bang mas makilala pa ako?" tanong ni Kikay.

Dahil si Ingkay ay mausisa at matalinong bata, pumayag siya sa alok ni Kikay. “Upang mas makilala mo ako, gagawin din kitang isang katerpilar! Zimzalabim!” wika ni Kikay Katerpilar. Sa isang iglap ay naging katerpilar si Ingkay. “Halika’t isasama kita sa aming munting kaharian” masayang tugon ni Kikay.





Habang sila ay naglalakbay, nagkuwento si Kikay tungkol sa kanyang munting buhay. “Ako  si Kikay, ang mga ninuno ko ay sina Haring Pedro Paruparo at Reynang Pilar Paruparo.” “Teka teka” pagputol ni Ingkay sa kwento ni Kikay. “Sabi mo ay ninuno mo sina Hari at Reynang Paruparo, e hindi mo naman sila kamukha a” mausisang tanong ni Ingkay. “E hindi pa kasi ako tapos magkwento e..” sagot ni Kikay.

“Ang aming uri ay may tinatawag na siklo ng buhay o *life cycle*. Nagsisimula kami sa isang itlog at kapag dumating ang tamang oras, ang itlog ay magiging katerpilar. Mga ilan pang linggo ay magiging *pupa* at pagkatapos, kami ay magiging isang makulay na paruparo” kuwento ni Kikay Katerpilar. “Wow! Kayganda naman pala ng iyong buhay Kikay!” bilib na bilib na tugon ni Ingkay.





"Mali ka riyan. Ang totoo niyan ay marami ang namamatay sa aking mga kauri" malungkot na wika ni Kikay Katerpilar. "Ha? Bakit naman?" tanong ni Ingkay. "Marami sa mga bata ngayon, ang tingin sa amin ay peste. Para bang wala kaming buhay na kanilang pinaglalaruan, tinutusok hanggang sa kami ay mamatay" nalulumbay na kwento ni Kikay Katerpilar.


Hindi namalayan ng dalawa na sila ay nakarating na pala sa kaharian na tinutukoy ni Kikay Katerpilar. Bumungad kay Ingkay ang isang kaharian na punom-puno ng mga magagandang bulaklak. Mga punong hitik sa bunga at mga nagsisiliparang mga makukulay na paruparo.





"Maligayang araw Kikay! Sino ang iyong kasama?" tanong ng isang malaking paru-paro. "Magandang araw po ama! Siya po ay si Ingkay. Ginamit ko po ang aking kapangyarihan upang gawin siyang katerpilar. Matutulungan tayo ni Ingkay na pangaralan ang mga batang tumitiris sa mga katulad kong katerpilar." sagot ni Kikay Katerpilar.

"Nalaman ko po kay Kikay ang malungkot na nangyayari sa mga katerpilar. Marami po ang mga batang tumitiris sa kanila sapagkat inaakala nilang ito ay uod lamang. Huwag po kayong mag-alala. Gagawin ko po ang aking makakaya upang mapagsabihan ang mga ibang bata na gumagawa nito sa mga katerpilar" pangako ni Ingkay sa Amang Paruparo.





“Maraming salamat Ingkay. Ang mga katerpilar ay mga insekto na balang araw ay magiging tulad naming makukulay na paruparo. Kami rin ang dahilan kung bakit d umarami ang mga bulaklak sa ating paligid.” wika ni Amang Paruparo. “Talaga po? Kaya po pala dumarami ang aming mga tanim ni nanay na gumamela at daisies” masayang tugon ni Ingkay.

Nagsimulang magkuwento si Inang Paruparo kay Ingkay. "Alam mo Ingkay, ang mga batang katulad mo ay maaaring maging parang paruparo. Ngayon ay isang musmos ka pa lamang, marami ka pang mapagdadaanan na pagsubok. Ganunpaman, kailangan ay maging matatag ka upang matupad ang iyong mga pangarap. Ano ba ng iyong pa-ngarap Ingkay?" tanong ni Inang Paruparo.





"Pangarap ko po na maging isang guro. Nais ko pong turuan ang mga bata na alagaan ang kalikasan. Nais ko po silang turuan kung paano mag-alaga ng mga halaman at magtanim ng mga puno. Nais ko po na maging disiplinado ang  lahat ng bata" nakangiting sagot ni Ingkay.

"Maganda ang iyong pangarap Ingkay. Kaya naman, mag-aral ka nang mabuti. At pagdating ng tamang panahon, ikaw ay magiging katulad ng isang paruparo. Magiging makulay ang iyong mga pakpak at maaabot mo ang iyong mga pangarap. Walang imposible Ingkay!" sagot ni Inang Paruparo.





Habang tirik na tirik ang araw. Niyaya na ni Kikay Katerpilar na umuwi si Ingkay. "Ingkay, halika na, naipakita ko na sa iyo ang aming munting kaharian. At marahil ngayon ay maliwanag na sa iyo kung ano ang aming uri. Isa pa, baka hinahanap ka na ng iyong inay." wika ni Kikay Katerpilar.


"Ingkay, sana ay maabot mo ang iyong mga pangarap. Nawa ay maging matatag ka sa lahat ng mga problema. Paalam Ingkay!" nakangiting wika ni Amang paruparo. "Tutuparin ko po ang aking mga pangarap. Higit po sa lahat, tutuparin ko po ang pangako ko sa inyo. Paalam po." nakangiting sagot ni Ingkay.





Matapos ang kanilang paglalakbay ay natanaw na ni Ingkay ang kanilang taha-nan. "Kikay, salamat sapagkat pinakilala mo ako kina ama at inang paruparo. Patawarin mo ako kung inakala ko na ikaw ang uod na sumira sa aking mga bulaklak na daisies." Paghingi ng tawad ni Ingkay.

"Walang anuman Ingkay. Nawa ay tulungan mo kaming mailigtas ang aming uri na nanganganib sa mga kamay ng mga ibang bata. Siya nga pala, kunin mo ang butong ito at iyong itanim. Pagkalipas ng ilang linggo ay makikita mo ang aming napakagandang regalo. Ibabalik na kita sa iyong katawang tao. Hanggang sa muli nating pagkikita kaibigan!". Sa isang iglap ay bumalik na si Ingkay sa kanyang katawang tao.





"Ingkay! Nariyan ka lang pala sa ating hardin. Kanina pa kita hinahanap. Mukhang napakasaya mo a? tanong ni Aling Nelia. "Opo inay, sapagkat nagkaroon po ako ng mas maraming munting kaibigan" masayang sagot ni Ingkay. "O siya, halika na at kakain na tayo ng tanghalian." Wika ni Aling Nelia.

Habang sila ay kumakain, "Inay, nais ko pong maging guro paglaki ko. Nais ko po silang maging disiplinado sa pag-aalaga sa ating kalikasan" nakangiting sambit ni Ingkay. "Napakaganda naman ng iyong hangarin anak. Matutupad mo ang lahat ng iyan basta't ikaw ay mag-aaral nang mabuti" wika ni Aling Nelia. "Opo inay, magiging katulad po ako ng isang makulay na paruparo." masayang sagot ni Ingkay.





Itinanim ni Ingkay ang bigay na mga buto ni Kikay. Matapos ang ilang buwan ay tumubo ang napakalaki at napakagandang mga *daisies*. "Inay, tignan mo ang aking tanim. Napakaganda di po ba?" nasasabik na wika ni Ingkay. "Aba, oo nga anak! Lalong gumanda  ang ating hardin dahil sa mga naglalakihang daisies na iyan" namamanghang sagot ni Aling Nelia.

“O siya anak, halika ka na at maghanda ka na sa iyong pagpasok sa eskwelahan.” sambit ni Aling Nelia. “Opo inay!” masiglang sagot ni Ingkay. “O anak, mag-aral kang mabuti ha? At higit sa lahat, maging disiplinado ka. Maliwanag ba?” “Opo inay! Magiging mabuting mag-aaral po ako.“





Pagkatapos ng klase, kasamang nagla-laro ni Ingkay ang kanyang mga kaibigan na sina Biboy at Gorio. Habang  sila ay naglalaro, nakita ni Gorio ang isang katerpilar. "Biboy! May nakita akong berdeng uod! Halika! Tignan natin kung berde din ang dugo nito!" mapag-usisang tu-gon ni Gorio.

Nang kukunin na ni Gorio at Biboy ang katerpilar ay biglang napasigaw si Ingkay. "Huwag! Iyan ay hindi isang uod. Iyan ay isang katerpilar. 'Wag n'yo siyang paglaruan sapagkat iyan ay magiging isang makulay na paruparo." Ipinagpatuloy ikuwento ni Ingkay kung paano nagiging paruparo ang isang katerpilar.





"Aha! Ganun pala ang buhay ng mga katerpilar!" wika ni Gorio. "Mula ngayon ay proprotektahan na namin ang mga katerpilar" pangako ni Biboy. Habang sila ay naglalakad pauwi, nag-silabasan ang mga naggagandahang mga paruparo. Nagsisiliparan ang mga ito sa kapaligiran at masayang masayang pinagmasdan ni Ingkay ang kanyang mga munting kaibigan





## TUNGKOL SA MAY AKDA



Si Bb. Judy Ann Bahom Santiago, 23 taong gulang, ay guro sa Calaocan Elementary School, Dibisyon ng Santiago City, Rehiyon 2. Siya ay nagtapos sa Pamantasang Normal ng Pilipinas– North Luzon Campus, Alicia, Isabela ng kursong Bachelor of Elementary Education.

## TUNGKOL SA DIBUHISTA



Si G. Gregg Martin S. Dominia, 23 taong gulang, ay guro sa Sinili Integrated School, Dibisyon ng Santiago City, Rehiyon 2. Siya ay nagtapos sa NorthEastern College, Santiago City, Isabela ng kursong Bachelor of Elementary Education.

# Si Ingkay at Kikay Katerpilar

Si Ingkay ay isang masiyahin, masigla at matalinong bata. Siya ay mahilig magtanim at mag-alaga ng mga halamang namumulaklak.

Isang araw, siya ay may kakai-bang nilalang na nakita, sino kaya ito?

Saan kayang mahiwagang lugar napadpad si Ingkay? Alamin kung paano nabuo ang pagkakaibigan nina Ingkay at Kikay Katerpilar.